Sentro ng Tawag ng EDD
PO Box
Lungsod,CA ZIP Code

Employment Development Department
State of California

Petsa ng Pagpapadala: **00/00/0000**

SSN: **000-00-0000**

Mga Numero ng Telepono ng EDD:

Ingles	1-800-300-5616
Espanyol	1-800-326-8937
Cantonese	1-800-547-3506
Mandarin	1-866-303-0706
Vietnamese	1-800-547-2058
TTY(nonvoice)	1-800-815-9387
website:	**www.edd.ca.gov**

Pangalan ng Claimant
Address ng Claimant
Lungsod, CA ZIP Code

ABISO NG PAGGAWAD NG INSURANCE PARA SA PANAHON NA WALANG TRABAHO

1. Petsa ng Pagsisimula ng Claim: 00/00/0000

2. Petsa ng Pagtatapos ng Claim: 00/00/0000

3. Pinakamalaking Halaga ng Benepisyo: $0000

4. Halaga ng Benepisyo sa Bawat Linggo: $000

5. Kabuuan ng Mga Sahod: 00,000.00

6. Mga Pinakamalaking Kita sa Bawat Tatlong Buwan: 0,000.00

7. Hindi nalalapat ang item na ito sa iyong claim.Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang item 7 sa likod nito.

8. **Dapat kang maghanap ng full-time na trabaho bawat linggo. Para sa higit pang impormasyon,** pakitingnan ang handbook, *A Guide to Benefits and Employment Services (Isang Gabay sa Mga Benepisyo at Serbisyo sa Pagtatrabaho)*, DE 1275A na makikita online sa www.edd.ca.gov/forms/.

9. Hindi nalalapat ang item na ito para sa iyong claim.

10. Ang Paggawad ng Claim na ito ay kinalkula batay sa (Standard o Alternate) Base Period.

11. Pangalan ng Empleyado:	**12. Mga Sahod ng Empleyado para sa Pagtatapos ng Quarter:**				**13. Pangalan ng Employer:**
	Buwan/Taon	**Buwan/Taon**	**Buwan/Taon**	**Buwan/Taon**	
Pangalan ng Claimant:	0,000	0,000	0,000	0,000	ABC CO
14. MGA KABUUAN:	**0,000**	**0,000**	**0,000**	**0,000**	

SAMPLE

May Mahalagang Impormasyon sa Susunod na Pahina

ANG MGA SUMUSUNOD AY KARAGDAGANG IMPORMASYON UKOL SA MGA ITEM SA LIKOD NG PAHINANG ITO

1. Petsa ng Pagsisimula ng Claim: Ang petsa kung kailan magsisimula ang iyong claim.
2. Petsa ng Pagtatapos ng Claim: Ang petsa kung kailan matatapos ang iyong claim.
3. Pinakamalaking Halaga ng Benepisyo: Ang kabuuang halagang maaari mong matanggap mula sa claim na ito.
4. Lingguhang Halaga ng Benepisyo: Ang pinakamataas na halaga na maaaring ibayad sa iyo bawat linggo kung masasapatan mo ang mga lingguhang kinakailangan para sa pagiging kwalipikado.
5. Kabuuan ng Mga Sahod: Ang kabuuang halaga ng mga kita na iniulat ng (mga) employer sa mga quarter na nakalista sa likod ng pahinang ito sa item 12.Ginamit ang mga kitang ito sa pagkalkula sa pinakamalaking halaga ng iyong benepisyo.
6. Mga Pinakamalaking Kita sa Bawat Tatlong Buwan: Ang bawat tatlong buwan sa kalendaryo na nakalista sa likod ng pahinang ito sa item 12 na may mga pinakamalaking halaga ng kita. Tinutukoy ng mga kitang ito ang halaga ng iyong benepisyo sa bawat linggo.
7. Hindi kasama sa paggawad na nakalista sa likod ng pahinang ito sa item 7 ang mga sahod mula sa isang pampubliko o nonprofit na paaralan. Kung nagtrabaho ka para sa isang pampubliko o nonprofit na paaralan sa alinmang mga quarter na nakalista sa likod ng pahinang ito sa item 12, hindi mo maaaring gamitin ang mga sahod na iyon sa iyong claim habang nasa isang recess period ng paaralan.
8. Dapat kang sumunod sa mga tagubilin sa likod ng pahinang ito sa item 8 upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo. Ayon sa batas, dapat magsumikap ka nang husto na makahanap ng trabaho kapag kukunin ang mga benepisyo.
9. Nakasaad sa Unemployment Insurance Code (Seksyon 1277) na dapat kang magtrabaho sa loob ng mga petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng naunang claim upang magkaroon ng wastong claim sa susunod na taon. Kung nalalapat ito sa iyong claim, makakatanggap ka ng mga karagdagang tagubilin.
10. Ang uri ng base period na ginamit upang pagtibayin ang iyong claim; ito ay maaaring ang Standard Base Period o ang Alternate Base Period. Kung hindi sapat ang iyong mga sahod sa Standard Base Period upang magtakda ng wastong claim, maaaring kwalipikado kang gamitin ang Alternate Base Period. Para sa higit pang impormasyon, muling basahin ang handbook na ***A GUIDE TO BENEFITS AND EMPLOYMENT SERVICES, DE 1275A***, na available sa www.edd.ca.gov/forms/. http://www.edd.ca.gov/forms/
11. Pangalan ng Empleyado:Ang pangalang ginamit ng iyong (mga) employer upang iulat ang iyong mga kita sa Employment Development Department (EDD). sa loob ng bawat tatlong buwan na nakalista sa likod ng pahinang ito sa item 11.
12. Mga Sahod ng Empleyado para sa Pagtatapos ng Bawat Tatlong Buwan sa Kalendaryo: Ito ang mga potensyal na magagamit na sahod para sa mga layunin ng insurance sa panahon na walang trabaho na iniulat ng iyong (mga) employer na kinita mo sa loob ng bawat tatlong buwan sa kalendaryo na nakalista.Tinutukoy ng mga kitang ito ang halagang igagawad para sa iyong Unemployment Insurance (UI).
13. Pangalan ng Employer: Ang (mga) pangalan ng (mga) employer na pinagtrabahuhan mo sa panahon ng bawat tatlong buwan sa kalendaryo na nakalista sa likod ng pahinang ito sa item 13.
14. Mga Kabuuan: Ang kabuuang halaga ng mga kitang iniulat ng (lahat ng) employer sa bawat tatlong buwan na nakalista sa likod ng pahinang ito sa item 12.

HINDI WASTO ANG IYONG CLAIM KUNG:

a. Hindi nasapatan ng iyong mga kita ang mga pangunahing kinakailangan.

b. Mayroon kang naunang claim sa UI at hindi mo nasapatan ang mga kinakailangan para sa pagtatrabaho at pagtanggap ng mga sahod na kinakailangan upang magkaroon ng wastong claim para sa hinaharap.

MAHALAGA:

Basahin nang mabuti ang abisong ito upang makatiyak na ang lahat ng employer na pinagtrabahuhan mo sa loob ng mga quarter na ipinapakita, (sa likod ng pahinang ito sa item 12) ay nakalista at na ang iyong mga sahod ay ipinapakita. Kung hindi ka nagtrabaho para sa isang employer na nakalista, o kung hindi nakalista ang isang employer o kung hindi wasto ang iyong mga sahod, makipag-ugnayan kaagad sa isang opisyal ng EDD upang ireklamo ang hindi pagiging tumpak ng kalkulasyon. Maaari kang sumailalim sa diskwalipikasyon, o kaparusahan dahil sa mga sobrang pagbabayad at/o krimen kung hindi mo ipapagbigay-alam kaagad sa EDD ang anumang hindi tumpak na impormasyon sa pagtatrabaho at sahod na ipinapakita sa item 12.

Kung nagtrabaho ka para sa isang ahensya ng pamahalaan, dapat na hilingin ang iyong mga sahod mula sa ahensya ng pamahalaang iyon. Makakatanggap ka ng *Notice of Amended Unemployment Insurance Award* kasama ang mga idinagdag na sahod na ito.

Kung hindi wasto ang abiso na ito o ang naamyendahang abiso at gusto mong ireklamo ang katumpakan ng pagkalkula o muling pagkalkula, dapat kang makipag-ugnayan sa EDD sa loob ng 30 araw pagkatapos ng petsa ng pagpapadala ng abiso o ng naamyendahang abiso. Kung hindi, maaaring tanggihan ang isang pagsisiyasat sa sahod o muling pagkalkula sa mga sahod. Ang 30 araw na panahon ay maaaring palawigin kung nararapat. Kung kailangan mong makipag-ugnayan sa EDD, kakailanganin mong ibigay ang iyong buong pangalan, address at Social Security number, at kung kinakailangan, anumang impormasyon ukol sa sahod at pagtatrabaho na gusto mong idagdag sa iyong claim, o upang alisin sa listahan ang alinman sa mga employer na hindi mo pinagtrabahuhan.

TUNGKULIN MONG ALAMIN ANG NILALAMAN NG *UNEMPLOYMENT INSURANCE BENEFITS: WHAT YOU NEED TO KNOW,* DE 1275B, AT ANG NILALAMAN NG HANDBOOK NA, *A GUIDE TO BENEFITS AND EMPLOYMENT SERVICES,* DE 1275A. IPINAPALIWANAG NG PAREHONG DOKUMENTO ANG IYONG KARAPATAN AT TUNGKULIN PARA SA PANAHON NA WALANG TRABAHO AT AVAILABLE ANG MGA ITO SA WWW.EDD.CA.GOV/FORMS/.

UPANG MATANGGAP ANG MGA BENEPISYO NG UI, DAPAT KANG MAGPATOTOO PARA SA MGA BENEPISYO GAMIT ANG ISA SA MGA SUMUSUNOD NA PARAAN:
UI ONLINE℠, EDD TELE-CERT℠O MAGSUMITE NG DOKUMENTONG *CONTINUED CLAIM FORM (FORM NG IPINAGPATULOY NA CLAIM)*, DE 4581. PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON SA PAGPAPATOTOO PARA SA MGA BENEPISYO, SUMANGGUNI SA DE 1275A HANDBOOK NA MAKIKITA ONLINE SA WWW.EDD.CA.GOV/FORMS/.

PAANO KAKANSELAHIN ANG ISANG CLAIM SA UI:

Mayroon kang opsyong kanselahin ang isang karaniwang claim sa California UI pagkatapos maipadala sa iyo ang iyong abiso ng *Paggawad ng Insurance sa Panahon na Walang Trabaho*. Kung gusto mong kanselahin ang iyong claim, kailangan mong makipag-ugnayan kaagad sa EDD. Huwag magpatotoo para sa mga benepisyo sa UI sa pamamagitan ng paggamit ng UI ONLINE℠, EDD Tele-CERT ℠ o sa pamamagitan ng pagsusumite ng dokumentong *Continued Claim Form,* DE 4581. Pinapahintulutan ka lang ng batas na magkansela ng claim sa UI kung walang mga benepisyong naibayad, kung walang naipadalang abiso sa iyong pagkakaalis sa pagiging kwalipikado, kung walang naitakdang sobrang bayad para sa iyong claim at kung hindi pa nagtatapos ang taon ng pagkuha ng benepisyo ng iyong claim. Kung makakansela ang claim, hindi na ito mababawi. Dapat kang maghain ng claim sa ibang pagkakataon.

SAMPLE